# FIQH
# 4

**ISINALIN SA TAGALOG NI:**
**MOHAMMAD TAHA ALI**

# فقه

**[باللغة الفلبينية (تجالوج)]**

**ترجمة:**
**محمد طه علي**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

# ANG HAJJ
## (Paglalakbay sa Makkah para sa Hajj)

### ANG KAHULUGAN NG HAJJ:
Pang-wikang kahulugan: Pagpunta sa banal na pook o lugar.
Pang-islamikong kahulugan: Pagpunta sa Makkah upang magsagawa ng partikular na gawain sa natatakdaang mga oras.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا وَمَنْ كَفَرَ فَإِنَّ اللَّهَ غَنِيٌّ عَنِ الْعَالَمِينَ﴾
{Tungkulin ng sangkatauhan ang pagsasagawa ng Hajj sa sagradong Tahanan (Ka`bah) para sa Allah sa sinumang may kakayahang tumungo rito, at sinuman ang nagtakwil nito. Katotohanang ang Allah ay sagana sa pagpapala ng lahat ng nilalang}. Al-Imran (3): Ayah [97]

### PAGKA-LEHITIMO NG HAJJ:
1. Ang ubligadong Hajj ay isang beses lamang isinasatungkulin sa tanang buhay.
2. Ang Hajj ay ikalimang haligi ng Islam.
3. Ang Hajj ay isinatungkulin sa mga Muslim noong ika-siyam na taon sa Hijri.

### KAHALAGAHAN NG HAJJ:
قَالَ رَسُوْلُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (مَنْ حَجَّ لِلَّهِ فَلَمْ يَرْفُثْ وَلَمْ يَفْسُقْ رَجَعَ كَيَوْمِ وَلَدَتْهُ أُمُّهُ).
Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "(Ang sinumang nagsagawa ng Hajj at hindi nakapagsalita ng masasamang salita (o nakapagtalik sa kanyang asawa), at hindi rin nakagawa ng mga kasuwailan, siya ay babalik sa kanyang pinanggalingang lugar ng gaya ng araw nang siya ay isinilang ng kanyang Ina)". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

### LAYUNIN SA PAGSASATUNGKULIN NG HAJJ:
Ang Allah ay nagsabi: ﴿لِيَشْهَدُوا مَنَافِعَ لَهُمْ وَيَذْكُرُوا اسْمَ اللَّهِ فِي أَيَّامٍ مَعْلُومَاتٍ﴾
1. {Upang kanilang masaksihan ang (maraming) bagay na may kapakinabangan sa kanila, at kanilang banggitin ang Pangalan ng Allah sa mga itinakdang araw (ika-10, 11, 12, at ika-13 sa buwan ng Dhul-Hijja)}. Al-Hajj (22): Ayah [28]
2. Nagpapaalaala sa Araw ng paghuhukom at sa mga kalagayan sa Araw ng pagbabangong muli.
3. Nagdudulot ng kadalisayan sa sarili at kabanalan nito mula sa mga kasalanan at kasuwailan.
4. Nagpapakita ng pangkalahatan ng Islam.

### MGA KUNDISYON SA PAGKA-UBLIGADO NG HAJJ:
1. Pagiging Muslim.
2. May wastong pag-iisip
3. Nasa hustong gulang.
4. May ganap na kakayahan.

5. Malaya (hindi alipin).
6. Sa kababaihan: Kinakailangang may kasama siyang **Mahram** (ang asawa o lalaking malapit na kamag-anak na hindi puwedeng mag-asawa sa kanya, at kayang ipagtanggol siya).

* Ang ilan sa mga eskolar ay itinuring ito na kabilang sa kundisyon ng may ganap na kakayahan.

### MGA HALIGI NG HAJJ (RUKN):

1. Al-Ihram (Layunin sa pagpasok sa kalagayan ng Hajj).
2. Pagtigil sa Arafah.
2. Tawaf Al-Ifaadah (Pag-ikot sa palibot ng Ka`bah sa ika-10 ng Dhul-Hijja).
3. Sa`ey (Paglalakad sa pagitang ng Safa at Marwah).

### MGA UBLIGADO SA HAJJ (WAJIB):

1. Pagsuot ng kasuutang Ihram sa Miqat.
2. Pagtigil sa Arafah hanggang sa paglubog ng araw.
3. Pagpapalipas ng gabi sa Muzdalifah.
4. Pagpapalipas ng gabi sa Mina.
5. Pagbato sa mga Jamarat.
6. Pag-ahit o pagpapaigsi ng buhok.
7. Tawaf Al-Wida (Pamamaalam na Tawaf).

### MGA URI NG HAJJ:

1. Tamattu`: Pagsasagawa ng Ihram para sa Umrah sa mga buwan ng Hajj (Shawwal, Dhul-Qaidah at Dhul-Hijja) hanggang sa matapos ito at mananatili sa Makkah, at pagkatapos ay magsasagawa naman ulit ng Ihram para sa Hajj (pagsapit ng ika-8 araw sa Dhul-Hijja).
2. Ifrad: Pagsasagawa ng Ihram para Hajj lamang sa Miqat.
3. Qiran: Pagsasagawa ng Ihram para sa Umrah at Hajj nang magkasabay, o di kaya ay magsagawa ng Ihram para sa Umrah sa Miqat at pagkatapos ay ipapasok rito ang Hajj bago magsagawa ng Tawaf, datapuwa't hindi siya lalabas sa kalagayan ng Umrah, bagkus mananatili sa kalagayan ng Ihram.

**Karagdagang kaalaman:** Ang alay (o sakripisyo) na isang tupa, o ika-1/7 bahagi ng isang kamelyo o baka ay (magiging) sapilitan kung ang taong nagsasagawa ng Hajj ay hindi taga-Makkah. Datapuwa't kapag hindi kayang mag-alay (o magsakripisyo), sa gayon ay dapat siyang mag-ayuno ng sampung araw (Tatlong araw sa mga araw ng Hajj at pitong araw kapag nakabalik na siya sa kanyang Bansa).

# AL-IHRAM

## KAHULUGAN NG IHRAM:

Ang **Ihram**: ay ang layunin sa pagpasok sa kalagayan ng Hajj, datapuwat napakaraming tao ang naniniwalang ang Ihram ay ang pag-iwas sa mga kasuutang nakatahi ayon sa sukat ng katawan, at pagsuot ng **Izar** at **Rida**, datapuwat ang wasto na kahulugan nito ay ang pagtatakda ng layunin, gaya ng nabanggit.

## MGA KABAWALAN HABANG NASA KALAGAYAN NG IHRAM

| **Sa mga kalalakihan lamang:** | **Ang Bayad Sala Kung Nagawa:** |
|---|---|
| 1. Pagtakip sa ulo | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| 2. Pagsuot ng damit na nakatahi | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| **Sa mga kababaihan lamang:** | |
| 1. Pagsuot ng Niqab (Takip sa mukha) | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| 2. Pagsuot ng guwantes | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| **Sa mga lalaki't babae:** | |
| 1. Pag-ahit ng buhok | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| 2. Pagputol ng mga kuko | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| 3. Paggamit ng pabango | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |
| 4. Pagpapakasal (kahit pakikipagkasundo) | Walang kabayaran |
| 5. Pangangaso | Kapantay na kabayaran |
| 6. Pakikipagtalik | |
| Kung bago ang Tahallul Awwal | Pagsakripisyo (o pag-aalay) ng kamelyo o baka. (At ang kanyang Hajj ay nawalan na ng saysay, kaya't tungkulin niyang magsagawa ulit ng Hajj sa susunod na taon). |
| At kung pagkatapos na ng Tahallul Awwal | Pagkatay ng tupa |
| 7. Pagsagawa ng seksuwal na gawain | Normal na kabayaran (Tunghayan sa ibaba) |

### Normal na Kabayaran

1. Pag-aayuno ng tatlong araw, o di kaya
2. Pagpapakain ng anim na mahihirap (kalahati ng isang Sa'a sa bawat isa), o di kaya
3. Pagkatay ng isang tupa.

Batay sa sinabi ng Allah: ﴿فَمَنْ كَانَ مِنْكُمْ مَرِيضًا أَوْ بِهِ أَذًى مِنْ رَأْسِهِ فَفِدْيَةٌ مِنْ صِيَامٍ أَوْ صَدَقَةٍ أَوْ نُسُكٍ﴾

{Samakatuwid, sinuman sa inyo ang may sakit o may karamdaman sa kanyang anit, kinakailangan niyang magbayad ng Fidyah ng pag-aayuno o Sadaqah o Nusuk}. Al-Baqarah (2): Ayah [196]

**Ngunit ito'y nasa ilalim ng tatlong kundisyon:**

1. Kinusa (o sinadya) 2. Batid (ang alituntunin nito) 3. Malaya (hindi pinilit)

**Puna:** Ang isinasakripisyong hayop ay sapilitan para sa mga taong hindi naninirahan sa Makkah, at ito ay isang tupa, o ikapitong bahagi ng isang kamelyo o baka, datapuwat kung hindi niya kayang magkatay ng hayop bilang sakripisyo, kailangan niyang mag-ayuno ng sampung araw (tatlong araw sa mga araw ng Hajj sa Makkah at pitong araw sa kanyang lugar kapag siya'y nakabalik na).

# PANGKALAHATANG MGA PUNA

1. Mag-umpisa ang pagsasagawa ng Talbiyah simula sa pag-Ihram hanggang sa pagbato sa Jamratul Aqabah (sa Malaki) sa ika-10 araw ng Dhul Hijja.
2. Ang pagpunta sa Mina sa ika-8 araw ay Sunnah, kung gayon maaaring dumiretso kaagad sa Arafah sa ika-9 na araw kung masyadong lemetado ang oras.
3. Kapag dumating na sa Arafah, kinakailangang tiyakin na nasa loob ng mga hangganan ng Arafah, upang hindi makaligtaan ang pinakamahalaga sa mga saligan ng Hajj.
4. Hindi marapat na tumungo sa bundok na tinaguriang **Jabal Ar-Rahmah** sa Arafah. Bagkus, nararapat na tumungo sa lugar na makapagpapanatag at taimtim sa pag-Du`a.
5. Dapat na kapag lisanin na ang Arafah upang tumungo sa Muzdalifa ay taimtim at mapayapang lisanin ito habang nananalangin ng kapatawaran sa Allah. Tunghayan ang sinabi ng Allah sa Surah Al-Baqarah (2): Ayah 199.
6. Kapag nakarating na sa Muzdalifa, ang unang gagawin ay magsagawa ng Maghrib at Isha ng pinagsama at pinag-igsi. Pagkatapos ay magpahinga upang maging handa para sa susunod na araw.
7. Para sa isang matanda, babae o mahina (may mga kapansanan) at gayundin sa mga kasamahan nila ay maaaring lumisan mula sa Muzdalifa pagkalipas ng hating-gabi (kapag ang buwan ay palubog na).
8. Pagkatapos ng Salah sa Fajr (sa maagang oras nito), nakabubuting magpakaabala sa Du`a hanggang sa lumiwanag nang husto at bago ang pagsikat ng araw.
9. Maaaring mamulot o manguha ng mga maliliit na bato para sa Jamarat mula sa kahit saang lugar.
10. Sa pagbato sa Jamarat, ang naibibilang lamang ay yaong bato na pumasok sa butas ng kono, at hindi na kailangan pang patamaan ang haligi.
11. Ang pagkasunod-sunod ng mga gawain sa ika-10 araw ng Dhul Hijja ay Sunnah, samakatuwid kung ang mga ito ay hindi nagkasunod-sunod sa pagsagawa ay wala namang problema.
12. Sa panahon ng mga araw ng Tasreeq, kinakailangang manatili sa Mina sa gabi.
13. Ang pagbato sa Jamarat sa panahon ng mga araw ng Tasreeq ay gaya ng mga sumusunod:
    a. Magsisimula ang pagbato pagkalipas ng katanghaliang tapat (Adhan ng Dhuhr).
    k. Pagkatapos ng pagbato sa maliit na Jamrah, Sunnah na tumayo sa bahaging kanan nito para sa pag-Du`a, at pagkatapos ay sa bahaging kaliwa matapos na batuhin ang bandang gitna, at huwag nang tumayo pagkatapos ng pagbato sa malaking Jamrah.
14. Dapat ay Tawaf Al-Wada` (Pamamaalam) ang pinakahuling isinasagawa sa mga gawain ng Hajj.
15. Kung isinapuso na ang pinakahuling isasagawa ay ang Tawaf Al-Ifadah, sa gayon hindi na kailangang isagawa pa ang Tawaf Al-Wida`, sapagkat nasasaklawan na nito.
16. Kapag dinatnan ng buwanang-dalaw (o regla) ang isang babae pagkatapos na maisagawa ang Tawaf Al-Ifadah, siya ay maaari nang lumisan at hindi na niya kailangan pang isagawa ng Tawaf Al-Wada`.

# HADY – UDHIYAH – AQEEQA

**HADY:** Ito ay ang hayop na iniaalay sa Al-Haram (sa Makkah at Mina) sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Hady para sa Hajj (na Tamattu’ at Qiran)
2. Kapag mayroong hindi naisagawa sa isa sa mga Wajibat ng Hajj at tinatawag itong Fidyah.
3. Kapag nagawa ang isa sa mga ipinagbabawal habang nasa kalagayan ng Ihram (maaaring piliin ito o magpakain o mag-ayuno).

**UDHIYAH:** Ito ay ang hayop na iniaalay sa mga araw ng Eid na Adha bilang pagpapalapit sa Allah.

**AQEEQA:** Ito ay ang hayop na iniaalay dahil sa bagong silang na sanggol, maging lalaki o babae.

**Mga Puna:**

1. Sunnah ang kumain sa mga iniaalay na hayop maging sa Hady (hindi sa nakaligtaang Wajib o nagawang kabawalan sa Ihram), o Udhiyah, o Aqeeqa.
2. Maaaring makibahagi sa Hady (para sa Hajj) o sa Udhiyah sa iisang kamelyo o baka sa ikapitong bahagi nito.

## MGA URI NG HAYOP NA MAAARING ISAKRIPISYO

KAMELYO: Ito ang pinakamainam, sa kundisyon na hindi bababa ng (5) taong gulang.
BAKA: Hindi bababa ng (2) taong gulang.
TUPA: Hindi bababa ng (6) na buwan, at (1) taon sa kambing.

### MGA KUNDISYON NG MGA HAYOP NA ISASAKRIPISYO:

1. Nasa wastong gulang na itinakda.
2. Malaya sa anumang kapansanan na lantad (tulad ng bulag, pilay, galisin, payat atbp.).

**Mga karagdagang puna tungkol sa Aqeeqa:**

1. Ang pagkatay nito ay higit na mainam kaysa sa pamimigay ng halaga nito bilang kawanggawa.
2. Kapag ang isinilang na sanggol ay lalaki, mas mainam na dalawang tupa ang kakatayin, samantalang kapag ang sanggol ay babae, isang tupa lamang ang kakatayin.
3. Sunnah ang pagkatay sa Aqeeqa sa ika-pitong araw ng sanggol, gayundin ang pagbigay ng pangalan sa kanya.
4. Hindi maaaring makibahagi sa kamelyo o baka sa ikapitong bahagi nito.

# AN-NIKAH (ANG PAGKAKASAL)

**Ang Allah ay nagsabi:**

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ أَنْ خَلَقَ لَكُمْ مِنْ أَنْفُسِكُمْ أَزْوَاجًا لِتَسْكُنُوا إِلَيْهَا وَجَعَلَ بَيْنَكُمْ مَوَدَّةً وَرَحْمَةً إِنَّ فِي ذَلِكَ لَآيَاتٍ لِقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ﴾

{At kabilang sa Kanyang mga Tanda, na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak (asawa) mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang kapanatagan sa kanila, at Kanyang itinalaga sa pagitan ninyo ang pag-ibig at habag sa isa't isa. Katotohanang naririto ang tunay na mga Tanda sa mga taong may matiim na pag-iisip}. Ar-Rum (30): Ayah [21]

**وَقَالَ النَّبِيُّ عَلَيْهِ الصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ: ((يَا مَعْشَرَ الشَّبَابِ مَنِ اسْتَطَاعَ مِنْكُمُ الْبَاءَةَ فَلْيَتَزَوَّجْ، فَإِنَّهُ أَغَضُّ لِلْبَصَرِ وَأَحْصَنُ لِلْفَرْجِ وَمَنْ لَمْ يَسْتَطِعْ فَعَلَيْهِ بِالصَّوْمِ فَإِنَّهُ لَهُ وِجَاءٌ)). مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ**

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "O kayong mga binata! Sinuman sa inyo ang makapagtataguyod sa kahilingan ng buhay may asawa ay dapat nang mag-asawa, sapagkat pumipigil ito sa pagtitig (ng may kahalayan) at higit na nakapangangalaga sa mga mahahalay na bagay. Subalit yaong mga walang kakayahan ay nararapat na mag-ayuno, sapagkat ito ay isang paraan ng pagpigil sa makamundong pagnanasa". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim.

## ANG ILAN SA MGA KABUTIHAN NG PAGKAKASAL

1. Pagligtas sa lipi ng sangkatauhan, o pagpaparami ng sambayanang Muslim.
2. Pangangalaga laban sa mga mahahalay na bagay at pangangalunya.
3. Pagtatanggol at pangangalaga sa babae sa pamamagitan ng lalaki, pagtataguyod nito sa pamamagitan ng pagkupkop at pagtutustos.
4. Pangangalaga sa mga lahi at dangal, at pagtitibay ng bigkis ng pamilya at pagkakamag-anak.
5. Pagdadalisay sa ari at pagpapakasasa ng kaligayahan sa mga ipinahintulot ng Allah.

## ANG KASUNDUAN SA KASAL

Mas mainam na inuumpisahan ito ng Khutba (talumpati), gaya ng pagbigkas ng: Innal hamda lillaahi nahmaduhu wa nas ta`ienuh wa nastagh-firuho wa natoobu ilayhi…, at pagkatapos ay ikakasal (ang lalaki't babae).

## MGA KUNDISYON SA PAGKABISA NG PAGKAKASAL

1. Matiyak ang bawat isa sa dalawang mag-aasawa (sa pamamagitan ng hudyat, o pagsabi ng pangalan, o paglalarawan o paghihiwalay).
2. Pagsang-ayon ng dalawang mag-aasawa sa isa't-isa.
3. Pagkakaroon ng Wali (Tagapangalagang malapit na kamag-anak) ng babae, batay sa sinabi ng Propeta (ﷺ): ((لَا نِكَاحَ إِلَّا بِوَلِيٍّ))

   "Walang kasal maliban sa pamamagitan ng Wali". Isinalaysay ng limang mananalaysay.
4. Ang pagsasaksi sa kasunduan ng kasal sa pamamagitan ng dalawang makatarungang saksi.

   Batay sa isang Hadith na naiulat ni Jabir: ((لَا نِكَاحَ إِلَّا بِوَلِيٍّ وَشَاهِدَيْ عَدْلٍ))

   "Walang kasal maliban sa pamamagitan ng Wali at dalawang makatarungang saksi".

# ANG MGA BABAENG BAWAL PAKASALAN

## UNA: PERMANENTENG KABAWALAN:

**Dahil sa pagkakamag-anak:**
1. Ang ina at ang lola.
2. Anak na babae, at ang mga anak niyang babae.
3. Kapatid na babae, at ang mga anak niyang babae.
4. Tiyahin (mga kapatid na babae ng ama o ng ina).

**Dahil sa partikular na kadahilanan:**
1. Pagsumpaan ng lalaki't babae na mag-asawa.
2. Nakapagsusuan: (ang hatol nito ay katulad ng sa pagkakamag-anak).
3. Asawa ng ama o ng lolo.
4. Nanay ng asawa (biyenan) at ng kanyang lola (Pagkatapos ng kasunduan sa kasal).
5. Asawa ng anak at mga apo na babae.
6. Anak na babae ng asawa (mula sa ibang lalaki), at gayundin ang mga anak na babae ng kanyang mga anak. Datapuwat ito'y may partikular na kundisyon, kung ganap na naangkin ang asawang babae.

## PANGALAWA: PANSAMANTALANG KABAWALAN:

1. Pagsabayin ang magkapatid na babae sa isang pagkakataon.
2. Pag-aasawa ng higit sa apat.
3. Babaeng hiniwalayan habang nasa takdang panahon ng paghihintay.
4. Babaeng mangangalunya hanggang hindi nagbabalik-loob.
5. Babaeng tatlong ulit na hiniwalayan (hanggang hindi nakapag-asawa ng ibang lalaki).
6. Babaeng nasa kalagayan ng Ihram (nagsasagawa ng Umrah o Hajj) hanggang hindi natapos.
7. Babaeng hindi Muslim (maliban sa mga mararangal na kababaihan ng angkan ng Kasulatan).

# AT-TALAQ (DIBORSYO)

**AL-KHUL':** Ito ay ang paghiwalay ng lalaki sa kanyang asawa na may kapalit na kabayaran sa mga natatanging salawikain.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿فَإِنْ خِفْتُمْ أَلاَّ يُقِيمَا حُدُودَ اللَّهِ فَلاَ جُنَاحَ عَلَيْهِمَا فِيمَا افْتَدَتْ بِهِ﴾

{Datapuwa't kung kayo ay nangangambang hindi nila (ang mag-asawa) mapapanatili ang mga hangganan na ipinag-utos ng Allah, walang sisisihin sa kanilang dalawa kung siya (ang babae) ay magbibigay ng isang pantubos para sa kanyang kalayaan}. Al-Baqarah (2): Ayah [229]
Tunghayan ang **Hadith:** (Bilang: 914), sa aklat na **Bulugh Al-Maram**.

Kilala sa kasaysayan na ang pagpapakasal ay pagbibigkis ng ugnayan sa pagitan ng dalawang mag-asawa, sa katunayan pagmamahal at pagkahabag nila sa isa't isa ang ginawa ng Allah na siyang nagpapatibay nito, subalit kapag kinamuhian ng babae ang kanyang asawa at hindi na niya kayang mamuhay ng kasama siya, o natatakot dahilan sa kahinaan ng pananampalataya nito, o hindi naitataguyod nito ang kanyang karapatan, sa ganitong kalagayan maaari niyang tubusin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng paghingi niya ng hiwalay nang may kapalit na kabayaran, subalit kung hindi rin naman kailangan na kailangan, samakatuwid ito ay kasuklam-suklam, bagkus sa ibang mga eskolar ay ipinagbabawal.

Batay sa sinabi ng Propeta (ﷺ): ((أَيُّمَا امْرَأَةٍ سَأَلَتْ زَوْجَهَا طَلاقًا فِي غَيْرِ مَا بَأْسٍ، فَحَرَامٌ عَلَيْهَا رَائِحَةُ الْجَنَّةِ))

"Ang sinumang babae na humingi ng diborsyo sa kanyang asawa na wala namang katanggap-tanggap na dahilan, sa kanya ay ipagkakait ang halimuyak ng Paraiso". Isinalaysay ng limang mananalaysay maliban kay An-Nasai.

### ANG KAHULUGAN NG TALAQ:

Sa palawikaang pananaw: Pagpapalaya o diborsyo, at sa panghukumang pananaw: Pagputol sa bigkis ng kasal o ilang bahagi nito.

### ALITUNTUNIN NITO:

Pumapaloob ito sa limang kahatulan ng batas, subalit ang orihinal na hatol nito ay kasuklam-suklam.

### PATUNAY SA PAGKALEHITIMO NITO:

Ang Allah ay nagsabi: ﴿الطَّلاَقُ مَرَّتَانِ فَإِمْسَاكٌ بِمَعْرُوفٍ أَوْ تَسْرِيحٌ بِإِحْسَانٍ﴾

{Ang paghihiwalay (o diborsyo) ay dalawang ulit; pagkaraan nito, maaari siyang panatilihin (bilang asawa) ayon sa mabuting paraan o tuluyang hiwalayan nang may kabaitan}. Al-Baqarah (2): Ayah [229]

At sinabi pa Niya: ﴿يَا أَيُّهَا النَّبِيُّ إِذَا طَلَّقْتُمُ النِّسَاءَ فَطَلِّقُوهُنَّ لِعِدَّتِهِنَّ﴾

{O Propeta (Muhammad)! Kung kayo ay magdidiborsyo ng mga babae, sila ay inyong diborsyuhin sa kanilang Iddah (natatakdaang panahon)}. At-Talaq (65): Ayah [1]

### SINO ANG MAY KARAPATANG MAKIPAGHIWALAY:

Ang lalaki na may ganap na pag-iisip at kalayaan na nakauunawa nito, o ang tumatayong kapalit nito.

Batay sa sinabi ng Propeta (ﷺ): ((إِنَّمَا الطَّلاَقُ لِمَنْ أَخَذَ بِالسَّاقِ))

"Ang diborsyo ay nasa kamay lamang ng sinumang kumuha ng binti (ng babae)". Isinalaysay ni Ibnu Majah

### AT-TALAQ AS-SUNNIE

**Sa panahon:** Ang pagdiborsyo ng lalaki sa kanyang asawa habang nasa kadalisayan (walang regla) at walang naganap na pagtatalik sa pagitan nila.

**Sa bilang:** Ang pagdiborsyo niya sa kanya ng isang beses at hahayaan niya ito hanggang sa matapos ang palugit na panahon nito.

### AT-TALAQ AL-BID`IE

**Sa panahon:** Ang pagdiborsyo niya sa kanya habang nasa buwanang regla nito, o habang nagdurugo sanhi ng panganganak, o may naganap na pagtatalik sa kanila habang nasa kadalisayan niya, ngunit hindi pa naman halata ang pagbubuntis niya, sa ganitong kalagayan nakabubuting balikan niya siya.

**Sa bilang:** Ang pagdiborsyo niya sa kanya ng tatlong beses sa iisang pagkakataon, sa gayon ipinagbabawal na sa kanya ang kanyang asawa hanggang hindi nakakapag-asawa ito ng ibang lalaki bukod sa kanya.

### ANG PAGKUHA MULI SA ASAWA:

Ito ay ang pagkuha muli sa asawang babae hangga't hindi pa natatapos ang palugit na panahon para sa kanya ng walang magaganap na panibagong kasalan.

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَبُعُولَتُهُنَّ أَحَقُّ بِرَدِّهِنَّ فِي ذَلِكَ إِنْ أَرَادُوا إِصْلاَحًا﴾

{At ang kanilang mga asawa (na lalaki) ang may higit na karapatan na kunin silang muli sa (panahong) ito, kung sila ay nagnanais ng pakikipagkasundo}. Al-Baqarah (2): Ayah [228]

At sa sinabi ng Propeta (ﷺ) tungkol sa kuwento ng anak ni Umar: ((مُرْهُ فَلْيُرَاجِعْهَا))

(Pag-utusan mo siya na kunin itong muli).

### ANG BANAL NA LAYUNIN SA PAGSASABATAS NITO:

Binibigyan ng pagkakataong makapagmuni-muni at makapag-isip ang lalaki kung siya'y nagsisi sa pagdiborsyo at nais niyang ituloy ang buhay may asawa.

### MGA KUNDISYON NITO:

1. Na ang pagdiborsyo ay hindi umabot ng tatlong beses.
2. Na ang babaeng hiniwalayan ay ganap na naangkin.
3. Na ang pagkuha muli sa kanya ay nasa palugit na panahon ng paghihintay.
4. Na ang kasal ay legal.
5. Na ang pagdiborsyo ay walang kapalit na kabayaran (Hindi hiningi ang kalayaan).
6. Na ang pagdiborsyo ay hindi kinundisyunan.

**Pangkalahatang Puna:**

1. Kinakailangang sinabi o isinulat ang pagdiborsyo (o sa pamamagitan ng hudyat para sa isang pipi).
2. Maaaring kundisyunan ang pagdiborsyo.
3. Sa palugit na panahon ng paghihintay, nananatiling may bisa ang kasal.
4. Sa sandaling kinuha muli ang asawang babae, nakabubuting magkaroon ng mga saksi para rito.

# ANG PAGBEBENTA

Ang Allah ay nagsabi: ﴿وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَا﴾

{Datapuwat, ang Allah ay nagpahintulot ng pangangalakal at nagbawal ng Riba (pagpapatubo ng salapi)}. Al-Baqarah (2): Ayah [275]

وَعَنْ رِفَاعَةَ بْنِ رَافِعٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ سُئِلَ أَيُّ الْكَسْبِ أَطْيَبُ؟ قَالَ: ((عَمَلُ الرَّجُلِ بِيَدِهِ، وَكُلُّ بَيْعٍ مَبْرُوْرٍ)). رَوَاهُ الْبَزَّارُ وَصَحَّحَهُ الْحَاكِمُ

Si Rifa`a ibn Rafi` (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: "Katotohanang tinanong ang Propeta (ﷺ) tungkol sa kung ano ang pinaka-mabuti na hanapbuhay? Siya ay nagsabi: (Ang gawa ng tao sa pamamagitan ng kanyang kamay, at ng lahat ng mabuting pagbebenta". Isinalaysay ni Al-Bazzar, at nirepaso ni Al-Hakim.

### PAGPAPAKAHULUGAN SA PAGBEBENTA:

Sa palawikaang pananaw: Ang pagbigay ng isang bagay kapalit ng pagkuha sa ibang bagay.

Sa panghukumang pananaw: Ang pagpapalit ng kayamanan sa isang kayamanan na may layuning maging pag-aari.

### PANGGRAMATIKANG KAANYUAN NG PAGBEBENTA:

1. Salita 2. Gawa 3. Salita at Gawa

### MGA KUNDISYON NG PAGBEBENTA:

1. Kaluguran ng magkabilang panig na nagbebentahan.
2. Na ang bawat isa sa dalawang nagkakasundo ay may sariling pagpapasiya.
3. Na ang bawat isa sa kanilang dalawa ay nagmamay-ari sa pinagkakasunduang bagay.
4. Na ang ipinagbibiling bagay ay kabilang sa mga ipinahihintulot na pakinabangan.
5. Na ang ipinagbibiling bagay ay maaaring iharap.
6. Na maliwanag at tiyak ang presyo at ang bagay na pinepresyuhan.

### MGA IPINAGBABAWAL NA PAGBEBENTA:

1. Pagbebenta sa ibenibenta ng kanyang kapatid.
2. Dalawang pagbebenta sa iisang bentahan.
3. Pagdadagdag ng presyo na walang layuning bumili.
4. Pagsalubong sa mga pangkat ng mga nangangabayo (o mga paninda) bago sila makapasok sa mga palingke.
5. Pagbebenta ng mga sinusukat na bagay o tinitimbang bago mapasakamay ito, gaya ng salapi o pagkaing itinatago.
6. Na ibenta ang isang kasangkapan sa isang tao sa halagang hindi cash (may takdang panahon), pagkatapos ay kanyang bibilhin ito sa kanya ng halagang cash na mas maliit ang halaga kaysa tinakdaang halaga na hindi cash.
7. Pagbebenta pagkatapos ng ikalawang Adhan sa araw ng Biyernes.
8. Pagbebenta ng taga-lunsod sa tagalabas.

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
الطبعة الثالثة – مزيدة ومنقحة ١٤٣٧/١٢/١٩هـ